Tagalog

# Ang HIV ay naririto pa rin.

# Magpanatili ng kontrol.

# Alamin ang iyong katayuan.

## Bakit kailangang magpasuri para sa HIV?

**Ito ang tanging paraan upang malaman ang iyong katayuan.**

Kung positibo ang iyong pagsusuri, dapat mong simulan ang paggamot sa lalong madaling panahon, at maaari kang mabuhay nang normal. Kung mas maaga mong malalaman ang resulta, mas mabuti ang mga kalalabasan ng iyong kalusugan.

Sa pag-alam ng iyong katayuan, mas mahusay mong mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iba pang tao.

## Sino ang dapat magpasuri?

**Dapat kang magpasuri para sa HIV kung ikaw ay:**

- hindi pa nakapagpasuri para sa HIV sa nakalipas na 12 buwan
- nakipagtalik nang walang kondom sa Australya o sa ibang bansa
- nakisalo ng mga karayom
- nagkaroon ng pagsasalin ng dugo sa ibang bansa
- nagpabutas, nagpa-tattoo, nagkaroon ng mga pamamaraang kosmetiko o medikal gamit ang hindi isterilisadong mga kagamitan
- lumahok sa pangkulturang mga kagawian na kinapalooban ng dugo
- nag-aalala tungkol sa posibleng nakaraang mga panganib ng pagkalantad sa HIV

## Ano ang mga benepisyo ng pagpapasuri para sa HIV?

### Kung positibo sa HIV, ikaw ay maaaring:

- tumanggap ng pinakamahusay na paggamot at pangangalaga na posible
- mabubuhay pa rin nang normal
- hindi maipapasa ang HIV sa pamamagitan ng pakikipagtalik habang ginagamot na walang mapapansing HIV (hindi pampagaling)

### Kung negatibo sa HIV, ikaw ay maaaring:

- magpatuloy na gumamit ng kondom at iwasang magkaroon ng pagkontak sa dugo
- uminom ng gamot na panghadlang sa HIV "post-exposure prophylaxis (PEP)" o "pre-exposure prophylaxis (PrEP)" kung kailangan upang mahadlangan ang HIV
- Magpasuri nang regular upang ikaw ay may kamalayan ng iyong katayuan

## Saan makakapagpasuri para sa HIV?

### Maaari kang magpasuri sa isang ligtas at kompidensyal na kapaligiran sa:

- lokal na klinika ng iyong GP
- Mga klinika para sa kalusugang pangsekswal www.health.qld.gov.au/sexhealth
- Klinikang Rapid www.rapid.org.au
- Pagsusuri ng sarili sa bahay www.atomohivtest.com

**Ang pagpapasuri para sa HIV ay libre at kompidensyal. Ang pagiging positibo sa HIV ay hindi aapekto sa iyong kasalukuyang visa at tinatanggap na mga benepisyo.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa HIV, pumunta sa Ethnic Communities Council ng Queensland:

Web: **www.eccq.com.au/bbv**
o tumawag sa **07 3844 9166**

Ang mapagkukunang ito ay ginawa ng ECCQ na may pondo mula sa QLD Health. Nirepaso noong 2023.

eccq Ethnic Communities Council of Queensland